

PAHAYAGAN NG KABATAANG MAKABAYAN


Kabayaan

2011 KWARTO 1
ENERO-MARSO

www.philippinerevolution.net

EDITORIAL

Kabataan, mag-ambag sa pagkamit ng pangmatagalang kapayapaan na nakabatay sa katarungan at pag-unlad



Mula sa mga eskuwelahan, komunidad, sakahan at pagawaan kung saan naruon ang pulso ng Kabataang Makabayan, mainit na sinalubong ang muling pagbubukas ng usapang-pangkapayapaan sa pagitan ng Gobyerno ng Pilipinas (GPH) at Pambansang Nagkakaisang Prente ng Pilipinas (NDFP) mula Pebrero 15-21 sa Norway.

Ano ang papel ng kabataan sa pagkamit ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan? Ano ang implikasyon ng usapang pangkapayapaan sa minimithing kinabukasan ng mamamayan kung kaya dapat lumahok ang kabataan dito?

Ang kabataang Pilipino ay hindi nahihwalay sa kalagayan ng masang-anakpawis. Biktima ang kabataang Pilipino ng kahirapan, kawalang-hustisya at sistemang nagtatanim ng kawalang-pagasa sa ating lipunan. Dahil dito, dumadami ang kabataang yumayakap

sa rebolusyonaryong landas bilang tanging paraan upang wakasan ang pagsasamantala ng imperyalismo at iilan sa ating lipunan.

Sa pagbukas ng usapang-pangkapayapaan, tulad ng iba pang rebolusyonaryong kaalyado sa ilalim ng NDFP, malinaw sa KM na

SUNOD NA PAHINA

EDITORIAL

Kabataan, mag-ambag sa pagkamit ng pangmatagalang kapayapaan na nakabatay sa katarungan at pag-unlad

Binusabos **4**
Ang problema at kasagutan sa tumitinding krisis pang-ekonomiya sa Pilipinas

Suportahan ang pakikibaka para sa demokrasya at katarungan ng mamamayan sa Hilagang Aprika at Gitnang Silangan **6**

K-12, mas pasasahulin ang Edukasyon **8**

Parangal kay Kasamang Albert "Ka Caloy" Delorio **10**

BALITA

Porum ng AFP sa eskwelahan tinutulan **11**

Agarang pagpapalaya kay Ericson Acosta ipinanawagan

Patuloy na komersyalisasyon ng edukasyon tinutulan **12**

Ang *Kalayaan* ay inilalathala isang beses bawat kwarto ng taon ng Pambansang Kalihiman ng Kabataang Makabayan.

Tumatanggap ang *Kalayaan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo, balita at sining-biswal. Hinihikayat ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng e-mail sa: km.kalayaan@gmail.com



Ang Kabataang Makabayan (KM) ay rebolusyonaryong pangmasang organisasyon ng mga kabataan na naka-ugat sa iba't-ibang sektor at rehiyon sa Pilipinas.

Layon nitong makamit ang lipunang may pambansang kalayaan, tunay na demokrasya at kapayapaang nakabatay sa katarungang panlipunan.

Ang Kabataang Makabayan ay alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).



hindi ang palasak at abstraktong "Kapayapaan" ang isinusulong ng NDFP. Samantala, sa likod ng mga parada at pagpapalipad-kalapating may laurel, ang postura ng bagong administrasyong Aquino na kumakawala ito sa polisiya ng rehimeng Arroyo sa pakikitungo sa rebolusyonaryong kilusan, ay kailangang maipakita sa gawa.

Positibo ang posisyon ng gobyernong Aquino sa hindi pagturing sa Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan, at kay Propesor Jose Maria Sison, ang pangunahing pampulitikang konsultant ng NDFP bilang mga terorista. Ngunit sa mga araw mismo ng usapang-pangkapatayan ay nakapagtala sa Mindanao ng maraming paglabag ng kasunduan sa tigilputukan sa hanay ng mga militar, at inaresto si Allan Jasminez, isa sa mga konsultant ng NDFP at dapat na pinangangalagaan ng Joint Agreement on Immunity and Safety Guarantees (JASIG) at sinampahan ng mga kasong-kriminal.

Sa ilalim ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nilagdaan ng GPH-NDFP noong 1998 at sa muling pagbukas ng Joint Monitoring Committee (JMC) para sa CARHRIHL ay nararapat na aksyunan ang nagpatuloy na karahasan dulot ng Oplan Bayanihan, ang kontra-insurhensyang patakaran ni Aquino na pumalit sa Oplan Bantay-Laya I at II ni Arroyo.


Umaabot na sa 36 ang biktima ng extra-judicial killing (EJK) sa loob pa lamang ng walong buwang nasa pwesto si Aquino, o isa bawat isang linggo ang biktima ng EJK. Pinakahuli sa mga biktima ay ang magamang magsasakang sina Rody Dejos at Rody Rick Dejos na tinortyur bago pinaslang ng militar sa ilalim ng 39th IB-AFP noong Pebrero 27 sa Sitio Malusing, Barangay Zone 1, Santa Cruz, Davao del Sur at si Rodel Estrallado na biktima ng "fake encounter" noong Pebrero 25. Si Rodel ay isang kasapi ng Bayan Muna sa Malilipot, Albay na dinukot ng mga militar sa Malilipot at pinaslang ng

mga tropa sa ilalim ng 9th ID at sa mapanlinlang na psywar ay inanunsyo ng militar na siya diumano ay kasapi ng NPA at napaslang sa isang engkwentro sa Camarines Sur.

Sa muling pag-gana ng JMC ay dapat muli ring buksan ang libu-libong kaso ng karahasang kinasangkutan ng militar sa loob ng sampung taong nagdaan. Umabot sa 1,206 ang biktima ng EJK sa ilalim ni Arroyo at mahigit 200 biktima ng sapilitang pagkawala. Kabilang dito ang maraming mga kabataang aktibistang hanggang ngayon ay wala pa ring natatamong katarungan tulad nila Cris Hugo, Rei Mon Guran, Benjamine Hernadez, ang Maco Four, Farly Alcantara III, at mga nawawalang kabataang tulad ng mga estudyanteng sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan.

Ang mga kaso ng pagpatay sa mag-amang Dejos at Rodel Estrallado ay malinaw na kawangis ng sistematikong paghahasik ng karahasan sa mga di-armado, mga komunidad at mga aktibistang kasapi ng legal na mga organisasyong masa tulad ng dating Oplan Bantay Laya I at II ipinatupad ni Arroyo. Sa bagong kontra-inhurhensyang Oplan Bayanihan ni Aquino, target nito hindi na lamang ang rebolusyonaryong kilusan at legal na mga pangmasang-organisasyon kundi pati ang mga komunidad at karaniwang mamamayan bilang lunsaran ng mga psy-war operations. Dapat ibasura ni Aquino ang Oplan Bayanihan na nakabatay sa US Counter-Insurgency Manual at lalong nagdudulot ng pag-igting na digmang sibil sa ating bayan.

Nagaganap din ngayon ang usapang-pangkapatayan sa gitna ng pagpaigting na pang-ekonomyang krisis na kinakaharap ng bansa at papalawak na kahirapan ng mamamayan. Ang paghahangad ng tunay at pangmatagalang kapayapaan ng mamamayang Pilipino, ay nakabatay sa kanyang pag-nanais na mawakasan ang kawalan ng lupa at monopolyo sa lupa ng iilan, kahirapan, kawalang trabaho at serbisyong panlipunan, dominasyon ng imperyalistang Estados Unidos at lokal naghaharing uri at paglabag sa mga



batayang karapatang-pantao ng mamamayan. Ito ang ugat ng armadong paglaban ng mamamayan Pilipino.

Ang pang-ekonomiyang mga usapin, na ugat ng sigalot sa ating bayan ang lalamanin ng susunod na substantibong agenda, na nakapaloob sa Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). Ang unang draft ng NDFP ay nasimulan mula pa ng 1998, bago pirmahan ang unang substantibong agenda sa usapang kapayapaan o CARHRIHL.

Ang imperyalistang dominasyon ng Estados Unidos kasama ang mga multi-lateral na mga bangko at ahen-sya at mga transnasyunal na korporasyon, at ang malalaking negosyante at panginoong-maylupa --- iilang dominanteng uri sa ating lipunan, ang mga pangunahing pwersang nagpapahirap sa ating mamamayan. Kayaapatindi rin ang pagnanais ng mga pwersang ito na panatilihan ang kanilang kontrol sa ating ekonomya at pulitika at ipinapatupad ang mga polisiyang napatunayang sagka sa pag-unlad at nag-

papatuloy sa kawalang-katarungan sa lipunang Pilipino. Patuloy nilang pina-lala ang panlipunang sigalot, kahirapan at di-pagkakapantay-pantay, at pandarambong ng yaman ng bayan at ating kalikasan.

Hindi makakamit ang paglaya sa imperyalismong tanikala kung hindi itataguyod ang pang-ekonomiyang soberanya at paghahangad para sa hustisyang panlipunan, pagtutulak ng tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon at

SUNDAN SA PAHINA 5

Binusabos

Ang problema at kasagutan sa tumitinding krisis pang-ekonomya sa Pilipinas

NI KA LILY LAMPARA

Malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino. Hindi man direktang kolonya ay tuta naman ang gubyernong umiiral—tuta na nagpapalawig sa laganap na kahirapan sa bansa, at pinapanatili ang parasitikong US bilang taga-piga ng yaman ng bansa. Bagaman bagong pangulo, hindi naikubli ng mga pangako ng pagbabago ang uring pinagmulan ni Aquino, ang uring panginoong maylupa. Siya ngayon ang kinatawan ng matibay na alyansa ng imperyalismong US at ng lokal na mga naghaharing uri sa pagsalanta sa kabuhayan at karapatan ng milyun-milyong Pilipino. Wala siyang tinupad sa mga pagbabagong kanyang ipinangako; pinatindi ng kanyang mga polisiya ang dayuhan at lokal na pagsasamantala sa mamamayan, lalo na sa uring manggagawa at magsasaka.

Buhay Pilipino

Tahanan ang turing ng pamilya Digas sa isang maliit na bahay sa pinakatanyag na komunidad ng mga maralitang lunsod sa Quezon City. Siyam na taon na din silang nangungupahan dito. Sa upa na 1500 pesos kada buwan, tinatabi ni Aling Karen ang 80 pesos sa kanyang kinikitang 300 hanggang 400 kada araw bilang manininda sa palengke.

Wala namang permanenteng trabaho si Mang Teo. Paextra-extra lang sa pagbibilang ng straw, pagbenta ng sako bag, o pagbubuhay ng mga baboy sa palengke. Kadalasan ay naglalakad patungong palengke ang mag-asawa dahil malaking bawas pa ang halos 40 pesos na pamasaha sa pantustos nila sa araw-araw. Sa lima nilang anak, dalawa lamang ang nakapag-aaral dahil sa tumataas na presyo ng pag-papaaral. Kung anu-ano ang sinisingil sa eskwela at ang pang-baon nila sa araw-araw ay hindi na kayang tustusan ng pamilya. Pinagkukunutan ni Aling Karen at Mang Teo kung paano papasulputin ang pagkain nila sa araw-araw, lalo na ngayon na walang patid ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Gini-sang gulay, galunggong at kape, ito

ang mga karaniwang hain ng pamilya. Ngayon ay napalitan na ng toyo, asin at hibe.

Nakikitanim naman si Mang Jun sa malawak na lupain ng pamilya Roxas sa Rodriguez, Rizal. Sa totoo lang, alam niyang sa ninuno talaga niya ang lupang iyon ngunit isang araw ay dumating ang mga ahente



ng gubyerno at sinabing may titulo ang lupa—at sa pamilya Roxas nga ito. Araw-araw ay nagtatanim si Mang Jun ng asparagus kasama ang tatlong anak na buong buhay ay nagsaka na rin. Kumikita sila ng 250 pesos kada linggo, sapat lang para ibili ng bigas at isang lata ng sardinas araw-araw. Dati ay 300 ang sahod ni Mang Jun pero dahil daw

nagmahal ang krudo ay mahal na ang pagmantina sa traktora at pagluluwas ng produkto sa sentro. Baon na sa utang ang pamilya niya, dahil na din imposibleng magkasya ang 250 pesos sa isang linggo. Isang pala sa pagkakabaon sa utang ng pamilya ni Mang Jun ang bawat piso ng pagtaas sa presyo ng bilihin.

Sa kabila ng matinding kahirapan na bumabalot sa sambayanang Pilipino, sunud-sunod pa ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin pagpasok ng taong 2011. Mula Enero, higit kumulang sampung beses na nagtaas ang presyo ng langis, nakaamba ang pagtaas ng pamasaha sa MRT at LRT sa gitna ng Marso, tumaas na din ang presyo ng karaniwang pagkain tulad ng pandesal, galunggong at gulay. Pati ang singil sa kuryente at tubig ay nakisabay na rin.

Dahil sa atrasadong pagsasaka, mahal na abono at langis para sa traktora, patuloy na tumataas ang presyo ng trigo, harina at bigas. Hindi rin naman gumaganansya ang mga magsasaka tulad ni Mang Jun sa pagtaas na ito, dahil kakumpetensya nila ang murang-murang dayuhang kalakal. Walang signipikanteng suporta ang gubyerno para maiangat ang produktibidad ng mga lupang sakahan, at ginagamit itong dahilan para lalong bumaha ng imported na trigo at iba pang ani.

Tutang Gubyerno

Sa gitna ng mga pagtaas ay walang aksyon ang gubyerno ng tutang si Aquino. Sa halip ay pinatindi pa niya ang kahirapan ng mamamayan dahil sa walang sagkang paglala-ako ng mga serbisyong panlipunan tulad ng mga daan, transportasyon, maging ang edukasyon sa malalaking negosyante para isapribado.

Pinagpatuloy at pinatindi ni Aquino ang pagpapakasasa ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri sa sobra-sobrang tubo mula sa mamamayan, kapalit man nito ay gutom at kahirapan para sa mas nakararami. Gamit ang kanyang pangunahing programa na Private-Public Partnerships ay pilit pinalulunok sa mamamayan na ang landas tungong

pag-unlad ay ang pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon ng ekonomya ng Pilipinas. Ngunit lumalakas ang panawagan ng mamamayan na tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang sagot sa krisis pang-ekonomya.

Monopolyo Kapitalismo

Kung masusing titignan, dinulot ng pagtataas ng presyo ng langis ang kalakhan ng pagtaas ng samu't saring presyo ng bilingin at pamasaha sa buong Pilipinas. Walang ibang maysala sa mga pagtataas na ito kundi ang ganid na mga monopolyo kapitalistang Shell (Royal Dutch Shell), Petron (Ashmore Group, Saudi Aramco) at Caltex (Chevron). Kartel o monopoloyado nila ang industriya ng langis sa buong daigdig. May kakayanan ang mga korporasyon na ito na itakda ang presyo at siguruhin ang super tubo nila.

Dahil sa Oil Deregulation Law na pinagpapatuloy ng tuta na si Aquino, maaring magtaas ang mga monopolyo kapitalista kailan man nila gusto, magkano man nila gusto. Ginagamit ng kartel ang mga pag-aalsa laban sa kagutuman sa buong Gitnang Silangan para gawing dahilan sa mga mayat-mayang pagtataas. Sa katunayan, ang monopolyo ng kapital at produksyon ang mismong dahilan kung bakit naghihirap ang mamamayan sa buong daigdig. Sa pangunguna ng imperyalismong US, naghahasik ng kahirapan ang mga monopolyo kapitalista, at gumagamit ng dahas para supilin ang paglaban ng mamamayan. Tulad ng iba pang malalaking industriya

Inilunsad ng US ang Counter-insurgency Guide of 2009 dahil batid ng imperyalismong US na ang pangunahing makakapagpabagsak sa kanyang paghahari at pagsasa-

mantala ay ang malawak na pagkilos ng mamamayan para sa sosyalismo. Ang hindi niya matatakan ay ang katotohanan na habang tumitindi ang krisis ay lalong nagiging mataba ang lupa para magrebolusyon ang sangkatauhan.

Lumahok sa digmang bayan!

Pinatitibay ng matinding krisis pang-ekonomya ang panawagan ng mga kabataan: ang libu-libong pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan. Malinaw sa atin na hindi simpleng reporma, eleksyon o isang milagro ang makapagbabago sa busabos na kalagayan ng mamamayan. Iisa ang layunin ng ating pagkilos: ang ibagsak ang imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo. Malinaw din sa atin na sa kanayunan magmula ay ang tiyak na pagbabago: sa pagsanib ng kabataan sa rebolusyonaryong praktika ng uring anak-pawis at paglahok sa lumalagablab na digmang bayan na siyang kukubkob sa kalunsuran. Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang milyun-milyong pagdaluyong ng mamamayang binusabos ang aagaw sa kapangyarihang pampulitika mula sa naghaharing uri. Tanging ang pagkilos ng sambayanan ang magpapalaya sa kanyang sarili, at ito ang hahawan ng daan sa pagpapatuloy sa sosyalistang rebolusyon hanggang komunismo.

Kabataan, mag-armas!

Lumahok ka sa digmang bayan! ▽

Petsa	Diesel	Kerosene	Gasoline
Jan 11	0.25	0.25	0.50
Jan 19	1.00	1.00	0.75
Jan 25	1.00	0.75	0.50
Jan 31	(0.25)	(0.25)	(0.75)
Feb 8	0.75	1.00	0.75
Feb 22	0.50	0.50	0.50
Mar 1	1.00	1.00	1.25
Mar 4	1.00	1.00	1.00
Mar 8	1.50	1.25	1.50
Total	6.75 (+4.71) 11.50	6.50 (+5) 11.50	6.00 (+5.56) 11.50

Source: Department of Energy, Government of the Philippines

Kabataan, mag-ambag sa...

MULA SA PAHINA 3

pag-una sa interes ng bayan imbes ng iilan at dayuhan. Matitimbang kung gayon ang kaseryosohan ng gobyernong Aquino sa usapang pangkapayapaan kung tatalikuran nito ang mga maka-imperyalistang patakaran sa ekonomya at pulitika na panig din sa iilang lokal na elite.

Ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo ay nagdudulot ng papatinding epekto sa kronikong krisis na kinakaharap ng ating bansa. At sa pagtalima ng gobyernong Aquino sa mga patakarang dikta ng imperyalistang globalisasyon tulad ng nilala-

man sa Philippine Development Plan 2011-2016 ay lalong magsasadlak sa krisis sa bansa, magpapatuloy sa kawalang trabaho, kawalan ng lupa at kawalan ng serbisyong panlipunan para sa naghihirap na mga Pilipino.

Maliban dito, ang mga kabataan ay mabigat na naapektuhan ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilingin at pamasaha, pagkakait ng karapatan sa edukasyon dulot ng patuloy na kaltas sa budyet sa edukasyon at pagtaas ng matrikula at bayarin, mababang sahod at kawalang trabaho.

Anumang huwad na posturang pangkapayapaan ni Aquino ay mabilis na nahuhubaran at lalong nagpapaigting sa panawagan para sa reporma at dumagundong na pakikibaka ng kabataan at mamamayan para sa tunay na pagbabago.

Walang tiyak na paraan upang maabot ang kapayapaang nakabatay sa katarungan at kaunlaran, kundi ang pagsanib ng lakas ng kabataan sa lakas ng nakikibakang mamamayan. Walang tiyak na paraan kundi sa patuloy na pagtahak ng kabataan at mamamayan sa sa rebolusyonaryong daan at matagalang digmang bayan. ▽

Suportahan ang pakikibaka para sa demokrasya at katarungan ng mamamayan sa Hilagang Aprika at Gitnang Silangan

Apoy na kumakalat ang pag-aalsa ng mamamayan sa Hilagang Aprika at Gitnang Silangan na nasimulan ng pag-aalsa ng mga mamamayan ng Tunisia at Egypt. Kung mayroon mang higit na nababahala sa mga kaganapang ito, ito ay walang iba kundi ang Imperyalismong US. Sa matagal na panahon ay panatag ito sa pagkakapwesto ng kanyang makinarya sa Hilagang Aprika at Gitnang Silangan na tagapagtiyak ng kanyang interes.

Ang Egypt ay pangunahing tagasuporta sa pananakop ng Israel sa Palestine. Taun-taon ay may \$1.5B ayuda ang US sa Egypt, at pangalawang pinakamalaking ayudang militar ng US matapos ang Israel. Ang Egypt ang may kontrol sa Suez Canal na mahalagang ruta sa kalakalan ng Asya at Aprika. Malaki naman ang impluwensya ng Bahrain para kontrahin ang impluwensya ng Iran, isa sa tinik sa lalamunan ng US at binansagang nitong "rogue state", sa ibang mga bansang Arabo. Mahalaga naman ang Yemen sa kampanyang Anti-Terrorismo ng US sa mga bayang nasa Gulpo. Malubha ang pinsalang idudulot ng pagkawala

ng mga papet ng US lalo na sa isang rehiyon na marami ang murang lakas paggawa at sagana ang deposito ng langis na na makapagkokontrol sa pamilihan sa buong mundo.

Ayon kay Prop. Jose Maria Sison, tagapangulo ng International League of Peoples Struggle (ILPS), ang pag-aalsa ng mamamayan ng Hilagang Aprika at Gitnang Silangan ay resulta ng paglaban ng mamamayan sa rehiyong ito sa matagal na dominasyon ng mga imperyalista at kanilang mga papet, at hindi lahat maipapalagay na direktang instigasyon ng imperyalistang US at kanyang korporasyong media. Ang paghihirap ng mamamayan sa mga rehiyong ito, na pinalala ng mga neo-

Sa Tunisia, nagsimula ang lahat sa pagpapakamatay sa pamamagitan ng self-immolation o pagsusunog ng sarili noong Disyembre ni Mohamed Bouazizi, isang 26 taong kabataang Tunisian na nakapagtapos ng kolehiyo at walang mahanap na trabaho bilang protesta. Nagising ni Mohamed ang kanyang bayan sa nagaganap na pagsasamantala, kahirapan at ang patuloy na pandarabong ng diktador na si Zine El Abidine Ben Ali sa kanilang bayan. Napatalasik ng pag-aalsang bayan si Ben Ali noong Enero 24 matapos ang 23 taon nasa poder. Matapos nito ay binuo nila ang Assembly to Safeguard the Tunisian Revolution na naghahain ng mga kagyat na reporma sa bagong namumuno sa kanilang bansa upang kagyat na ipatupad para sa kapakanan ng mamamayan.

Naghahanda ng atakeng militar ang US at NATO sa Libya upang samantalahin ang mga armadong pag-aalsa ng mga maka-monarkiyang grupo at ilang lehitimong pag-puprotesta. Nais makontrol ng US ang Libya na pinamumunuan nagyon ni Qaddafi, at isa ring mayaman sa deposito at produksyon ng langis. Tinagurian ding "rogue state" at kaaway ng US si Qaddafi dahil sa pamumuno nitong pag-aalsa para mapabagsak si King Idris noong 1969. Simula noon ay isinabansa ng Libya ang industriya ng langis at nagpatupad ng mga repormang pang-ekonomiya at serbisyong sosyal para sa mamamayan ng Libya. Sinuportahan din ni Qaddafi ang ilang mga pambansang kilusang mapagpalaya sa Aprika. Halos 2 milyong migranteng manggawa ang nagtatrabaho sa Libya at naapektohan ng kaguluhan, kabilang ang 26, 000 OFWs.


liberal na polisiya at ng pandaigdigang gera laban sa terorismo ng US ang mitsa ng mga pag-aalsa.

"Habang ang rebolusyonaryong lakas ng mamamayan sa bansa ay hindi pa sapat upang maibagsak ang buong naghaharing sistema, ang US at ang kanyang mga papet ay nagpanganggap bilang mga demokrata sa kunwang pagbubuo ng bagong Konstitusyon sa mga

bansang ito at panukalang pagkakaroon ng eleksyon sa pana-panahon at pagkakaroon ng term limit sa mga halal na posisyon, at kahit na ang konting pagpapalit ng balanse ng kapangyarihan sa pulitika at mga paksyong militar, para sa pagpapatuloy ng naghaharing sistema at magmukhang istable kahit hindi naman istable, at magpapatuloy ng hinog para sa susunod na korap at awtokratikong rehimen o sunud-sunuran sa monarkiya na

pinakapapaboran ng US tulad ng sa Saudi Arabia at Emirates."

Dapat suportahan ang mga pagkilos at pakikibaka ng mamamayan para sa tunay na demokrasya at laban sa imperyalistang dominasyon sa mga rehiyong ito. Ang pang-uupat ng giyera at paghahanda ng atake ng US at NATO sa Libya ay kailangang patuloy na ilantad at labanan ng mga progresibo at anti-imperyalistang pwersa sa bansa at saan mang dako.



EGYPT

Mula sa iba't-ibang sektor, nanawagan din ang mamamayan ng Egypt na nagsimula noong Enero 25, 2011. Noong 16 ng Pebrero ay 365 ang pinatay na nagpoprotestang mamamayan ng mga pwersang militar at pulis ni Hosni Mubarak. Idineklara ang curfew ngunit nagpatuloy ang mamamayan sa Tahir Square at ibang parte ng Egypt sa kanilang protesta. Napilitang magbitiw si Mubarak, ngunit ipinasa niya sa kumpas ng US ang poder sa military junta na pumili ng acting Prime Minister. Nagpapatuloy ang protesta ng mamamayan upang panagutin si Mubarak sa kanyang mga kasalanan at ipanawagan ang tunay na pagbabago sa Egypt.

IRAQ

Matapos ang direktang agresyon at pag-okupa ng US kasama ang imperyalistang mga bansa ng EU, at maipwesto ang rehimeng Talabani, nagpapatuloy sa paglaban ang mamamayang Iraqi. Tumindi rin ang mga popular na protesta dahil sa patuloy na kahirapan at kontrol ng imperyalismo sa ekonomiya ng Iraq, at nagpapanatiling 40% ng kawalang-trabaho ng mamamayan. Marahas na binubuwag ang mga mapayapang pagkilos ng mamamayan at 7 ang namatay matapos paulanan ng putok ng mga pulis ang mga nagwewelga. Napilitang magresign ang mayor ng Baghdad dahil sa mga protesta.

BAHRAIN

Nagsimulang manawagan ng pagtataguyod ng kanilang mga karapatang sibil. Sa kalaunan ang sampu-sampung libong pagkilos ay natransporma sa panawagan ng dagdag sahod, pabahay, pagpapalaya sa mga detenidong pulitikal hanggang sa pagwasak ng 200 taong paghahari ng mga Sunni. Ang sagot ng gobyerno ay kahalasan, at 4 na ang napaslang at marami na ang nahuli sa mga nagpoprotesta.

YEMEN

Pati sa Yemen, ang pinakamahirap na bansa sa Gitnang Silangan ay mahigpit na ring nananawagan sa pagbaba sa poder ni Saleh na tatlong dekada ng naghahari sa bansa. ▽



NI ISA TAGUMPAY

K-12, mas pasasahulin ang Edukasyon

6-4-2 ang magiging bilang ng basic education sa ilalim ng programang K-12 (Kinder-Grade 12). Anim na taon sa elementarya, apat na taon sa Junior High School at dalawang taon na idadagdag bilang Senior High School o K-12. Ito ang pangunahin sa plataporma ng pinakabagong tuta ng imperyalistang US na si Noynoy Aquino.

the Department of Education (DepEd) is decongesting the current public school curriculum to ease "learning fatigue"—identified as a leading cause of poor performance and early dropouts among students in public schools.

This quality of education is reflected in the inadequate preparation of high school graduates for the world of work or entrepreneurship or higher education

Pasahol na ng pasahol ang sistema ng edukasyon. Sa bawat pagpalit ng mukha ng reaksyunaryong gobyerno, nagpapalit rin ang programa nila sa edukasyon. Ang programang K-12 na itinatulak sa mga mamamayan raw ang sasagot sa matagal nang krisis sa edukasyon. Sosolusyunan daw nito ang mababang kalidad ng edukasyon at kawalan ng trabaho ng mamamayan. Ang ginagawang dahilan ng gobyerno ni Aquino ay ang 10-taong kurikulum ng batayang edukasyon bilang may-sala sa dambuhalang bilang ng kabataang drop-out. Mismong sariling sarbey at datos ng gobyerno ay pinasisinungalingan ito, na nagsasaad na pangunahing dahilan pa rin ng pagkakait ng karapatan sa edukasyon ay ang kahirapan na nagtutulak sa mga bata na lumiban, magtrabaho sa mga sakahan at iba pang pagkakakitaan para makatulong sa ikabubuhay ng kanilang pamilya.

Lalong lumilitaw na ang pagbabago ng kurikulum ay itinatulak para suhayan ang "market-oriented" at "labor export policy" ng gobyerno na nais hubugin ang kabatang Pilipino

bilang mga semi-skilled na manggagawa na ilalako sa ibang bansa. Sa katotohanan ang lalamanin ng Senior High School sa ilalalim ng K12 ay pawang mga vocational at technological courses tulad ng automotive at welding. Mga kursong pangangailangan ngayon ng dayuhang merkado. Nangangahulugan na sistematikong lilikha ang gobyerno ng mga semi-skilled workers ng kabataan para tugunan ang pangangailangan ng imperyalistang US. Magiging katuwang din ang pagtuturo ng foreign languages katulad ng Mandarin, French at Spanish upang mas madaling maintidihan ang direksyon sa pagpapagana ng makina.

Sa K12, hindi inuugat ang malaking problema ng kakulangan sa mga pasilidad, guro, libro. Sa kabuuan, halos 2.8% average lamang ng GDP ang inilalaan ng gobyerno para sa edukasyon samantalang 56.2% ng GDP ang kabuuang taon-taong inilalaan para sa pagbabayad utang.

Mahalagang balikan ang kasalukuyang kalagayan ng Edukasyon at kung paano nito palalalain ang programang K-12 ni Noynoy Aquino.

Kasalukuyang kalagayan ng Edukasyon

Kolonyal na edukasyon Umpisa pa lamang ay pinagsisilbi na ang edukasyon sa imperyalistang US. Mula sa paghubog sa kaisipan ng mga mamamayan upang kalimutan ang kasaysayan ng lahing Pilipino at ipasok ang mga kolonyal na kaisipan hanggang sa pagsisilbi para tugunan ang pangangailangan sa kanilang merkado. Pangunahing hakbang ng dayuhan para mapasok ang kaisipan ng mamamayang Pilipino ay ang paggamit ng wikang Ingles sa pagtuturo para diumano ay mapakinabangan sa world market.

Makikita rin ang pagiging kolonyal sa kursong itinataguyod ng reaksyunaryong gobyerno sa Pilipinas. Nagsusulputan ang mga bagong kurso na pangunahing pangangailangan ng imperyalistang bayan katulad ng nursing at caregiving. Itinataguyod ang vocational at technological courses dahil ito ang patok sa ibang bansa. Lalong patitingkarin ng K-12 ang kolonyal na edukasyon sa Pilipinas dahil gagawin nitong factory ng semi skilled workers ang bansa. Dadagsa ang semi-skilled workers at milyon-milyon ang magiging bagong reserbang hukbo ng lakas-paggawa na mag-aagawan sa trabaho, kaya't babaratin at panatilihin ang mababang sahod ng mga manggagawa na siyang pangunahing interes ng mga kapitalista. Ito ay binalangkas alinsunod sa buong plano ng Monopolyo Kapitalista na magkamal ng malaking tubo at panatilihin ang kontrol sa bansa.

Komersyalisado Ang lahat na ginawa ng imperyalistang bansa at minamantina ng lokal na naghaharining-uri ay magsisilbi para sa kanilang interes. Ang komersyalisasyon ng edukasyon ay pagpapalit ng oryentasyon ng edukasyon bilang karapatan

patungong kalakal. Pangunahin ang edukasyon sa negosyong pinagkakakitaan ng mga kapitalista-edukador sa Pilipinas. Ibinebenta na parang kalakal ang edukasyon sa mamamayan.

At sa balangkas ngayon ng K-12, nakaistruktura ang reaksyunaryong gobyerno na abandunahin na ng lubos ang tersaryong edukasyon at magpokus sa paggawa ng mga semi-skilled workers. Unti-unting tatanggalan ng pondo ang mga State Universities and Colleges (SUCs) at hahayaang umasa sa mga business ventures at pagtaas ng matrikula ng mga estudyante. Susulpot din ang mas marami pang absurdo, gawa-gawa at dimakatarungan mga bayarin para lamang makalikom ng pera ang mga administrasyon ng eskwelahan. Sa ganitong gana, unti-unti nang napipribatista ang mga SUCs.

Kung kaya't lalong magkakaroon ng lakas ng loob ang mga kapitalista-edukador na siyang nagmamay-ari ng pribadong eskwelahan na itaas hanggang langit ang matrikula at iba pang bayarin sa paaralan. Walang plano ang gobyerno na pag-aralin sa kolehiyo ang mga kabataan bagkus ipapain pa ito sa mga kapitalista para huthutan.

Pasista Ang edukasyon at kultura ay bahagi ng sandatang pangideolohiya ng estado para panatilihin ang kasalukuyang mapagsamantalang kalagayan sa lipunan. Ipinangalandakan ang ideolohiyang burgues at hindi tinuturo ang pagiging kritikal at mapanuri sa mga usaping panlipunan at pambansa, bagkus ay itinuturo ang pagiging kimi at bulag na pagsunod sa "awtoridad".

Malinaw rin ang pagsupil sa mga grupong lumalaban sa mga anti-estudyante at anti-mamamayang polisiya sa edukasyon katulad ng K-12. Inilalayo sa makabayang pag-iisip ang mga kabataan. Sinusupil ang pag-oorganisa ng mga organisasyon, pinipigilan ang pagkakaroon ng tipunan ng mga estudyante sa takot na magkaisa ang mga ito. Kung kaya't laganap ang pagbuwag sa mga tambayan at pagpapahirap sa pagbubuo ng organisasyon.

Edukasyon para sa mamamayan

Sa kasaysayan, malinaw ang posisyon ng edukasyon sa lipunan. May materyal na basehan ang paglitaw ng edukasyon sa isang yugto ng panahon. Ito ay nakabase sa pang-ekonomiya, pulitika at kulturang kalagayan. Isang organisado at sistematikong kaalaman ang edukasyon para sa pagpapaunlad sa lipunan. Mahalaga ito para magkaroon ng iisang unawa ang mamamayan sa kanyang ginagalawan. Sa isang lipunang makauri, may nagsasamantala at pinagsasamantalahan, nasa nagsasamantala ang pampulitikang kapangyarihan na bunsod ng kanilang kontrol sa ekonomiya. Sa

Kinakailangan itaguyod ang makabayang uri ng edukasyon para pagsilbihin ang edukasyon sa pag-unlad sa sariling bayan

ganitong paraan, napagsisilbi niya ang lahat ng aparato maging ang mga paaralan at edukasyon para sa kaniyang sariling interes.

Ang K-12 ay malinaw na binalangkas ng imperyalistang US para gamitin ang lakas paggawa ng mamamayang Pilipino para pagsilbihin sa kanilang interes. Lantad na lantad si Noynoy Aquino sa pagiging matibay na alyado ng kauri niyang panginoong maylupa at imperyalistang US at kasangkapan upang lalo pang manalanta ang kabuhayan ng mamamayan.

Kung kaya't kailangang mapagpasyang agawin ang pampulitikang kapangyarihan mula sa naghaharing-uri sa pamamagitan paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan. Magbubuo ng gobyernong bayan na pamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas at wawakasan ang kontrol ng dayuhan at pribadong monopolyo. Titiyakin ang Makabayan, Siyentipiko at Makamasang oryentasyon sa edukasyon.

Makabayan Kinakailangan itaguyod ang makabayang uri ng edukasyon para pagsilbihin ang edukasyon sa pag-unlad sa sariling bayan. Pag-aaralan ang pagpapaunlad sa agrikultura para magkaroon ng basehan sa pagtatayo ng pambansang industriyalisasyon. Pangunahing ipapatupad ang isang lokal na pambansang wika na siyang gagamitin sa pagtuturo, sa mga ahensya ng gobyerno at komunikasyon. Sa ganoong paraan, mabilis na matuto ang mga kabataan at lubos na mapapakilala ang ating kultura sa kanila. Muling isusulat ang kasaysayan ng Pilipinas sa perspektiba ng mga Pilipino, patitingkarin ang naging papel ng mamamayan sa pagbabago ng lipunan at kasaysayan. Itatama ang mga maling kaisipan na itinuro ng imperyalistang US sa mamamayan.

Siyentipiko Kinakailangang ang nilalaman ng edukasyon ay makatotohanan at titiyakin na nakabase sa kongkretong kalagayan ng bansa ang lalamanin ng mga pag-aaral. Titiyakin na ituturo ang kaalaman na para sa pambansang pag-unlad. Siyentipiko ang pag-aaral kung ito ay lapat sa praktikal na kalagayan ng bansa, diyalektiko ang relasyon ng teorya at praktika.

Makamasa Ang primarya at sekondaryang edukasyon ay libreng matatamasa ng mga mamamayan. At ang tersaryong edukasyon ay bibigyan ng sapat na pondo. Habang ang pribadong pagmamayaring paaralan ay hahayaan hanggang sa maging bahagi na ito ng pampublikong sektor.

Lubos na ikakampanya ang literasiya at edukasyon sa mga lugar na mababa ang antas ng literasiya.

Kinakailangan na makapasok ang lahat sa eskwelahan nang sa ganun maging produktibo ang lahat sa pambansang pag-unlad.

Maitatayo lamang ang proletaryadong estado sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmang bayan. At walang hahalili sa paghungos sa kanayunan ng kabataan upang makamit ang dakilang mithiing ito na hahawan sa landas ng rebolusyonaryong pagbabago. ▽



PARANGAL KAY KASAMANG ALBERT "KA CALOY" DELORIO


ARNEL SANDOVAL
TAGAPAGSALITA, BHB-HAC

Pinakamapulang pagsaludo ang ibinibigay ng rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayan ng silangang Cagayan kay Kasamang Albert "Ka Caloy" Delorio. Isa si Ka Caloy sa apat na kasamang nasawi sa naganap na aksidente sa kalsada sa Bgy. Piggatan, Alcala, Cagayan noong madaling araw ng Setyembre 23, 2010.

Nagmula sa uring mala-manggagagawa si Ka Caloy. Ipinanganak siya noong 1974 sa Leyte, sa isang pamilya ng mga maralitang magsasaka. Maagang naulila sa ina, sa edad na labing-anim ay lumuwag sa Maynila si Ka Caloy para makipagsapalaran. Sari-saring trabaho ang pinasok ni Ka Caloy para buhayin ang kanyang sarili, at makatulong sa kanyang mga iniwang kapamilya sa Leyte. Naging tagahugas siya ng mga plato sa isang karinderya, pahinante sa piyer, tagaluto at tagabantay sa isang kantina malapit sa isang kolehiyo sa Intramuros. Dito na rin siya nakapag-asawa at nagkaroon ng tatlong anak.

Likas na masayahin, palabiro, matiyaga, masipag at madiskarte si Ka Caloy. Sa katunayan, bantog siya sa tawag na "Tatay Brooks" sa kanyang tinitirhang komunidad at sa mga eskuwelahan sa loob ng Intramuros dahil sa kanyang mga katangian. Marami siyang naging mga kaibigan, lalo na ang mga estudyanteng kumakain sa kanyang binabantayang kantina. Ilan sa kanyang mga naging kaibigan sa panahong ito ang mga organisador na kabataan sa mga kolehiyo malapit sa kanyang kantina. Sila ang unang nagpamulat kay Ka Caloy.

Taong 2006 nang siya sy naging kasapi ng isang ligal na organisasyon ng mga maralitang-tagalungsod sa kanilang komunidad. Taong 2007 naman nang siya ay naging kasapi ng partido. Namuno si Ka Caloy sa mga pagkilos laban sa demolisyon, lalo na sa inilunsad na barikada ng mga maralitang-tagalungsod sa paligid ng Intramuros. Sumuporta din siya sa welga ng mga manggagagawa sa Kowloon Restaurant, at nakipamuhay sa mga magsasaka ng Hacienda Luisita.



Gumampan si Ka Caloy bilang instruktur ng PADEPA, at namuno din siya sa gawaing pakikipag-alyansa sa kanyang organisasyon. Hindi naging sagka sa pagkilos ni Ka Caloy ang pagkakaroon na niya ng pamilya. Sa mga araw na walang aktibidad ang kanilang organisasyon, nagtitinda siya ng daing at tsinelas para suportahan ang kanyang pamilya.

Sumampa si Ka Caloy sa BHB dito sa silangang Cagayan noong Disyembre 26, 2008.

Dahil sanay sa hirap, naging madali sa kanya ang buhay sa loob ng BHB. Sa loob ng Hukbo, una siyang gumampan bilang opisyal sa panustos sa kinapaloobang iskwad, at hindi nagtagal ay naiangat bilang opisyal sa panustos ng buong platun dahil sa kanyang angking husay, sigasig at tiyaga sa pagpapatupad sa kanyang gawain.

Bagama't sa simula ay relatibong nahirapan din si Ka Caloy sa kanyang gawain, lalo na sa pagatatala ng mga suplay at kani-kanilang presyo (dahil nga sa umabot lamang siya sa grade 4 sa burges na paaralan), pinangibabawan ni Ka Caloy ang limitasyong ito. Buong sigasig siyang dumalo sa mga pag-aaral sa literasiya at numerasiya na inilulunsad sa loob ng kanyang yunit, walang-pangingiming nagtatanong sa mga kasamang may karanasan din sa gawaing panustos, at pinag-iisipan kahit ang mga kaliit-liitang detalye katulad ng pagpapasulpot ng mga sandok para mapadali ang pagluluto ng mga kasama. Larawan siya ng kababaang-loob sa pag-aaral, at pagbubuhos ng lahat ng kakayahan para maayos na maipatupad ang kanyang gawain.

Sadyang nakakapanghinayang na maikling panahon lamang ang naigugol ni Ka Caloy sa pagsisilbi sa mamamayan bilang isang Pulang mandirigma, lalo pa't sa napakaagang bahagi pa lamang ng kanyang buhay-Hukbo ay nakakitaan na siya ng napakalaking potensyal para sa lahatang-panig na pag-unlad.

Gayunpaman, walang-hanggang ipagmamalaki ng rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayan ng silangang Cagayan na minsan sa kasaysayan nito, naging bahagi ang bayaning si Ka Caloy.

**Ipagbunyi ang kabayanihan at
ipagpatuloy ang pakikibaka ni Ka Caloy!**

**Ipagtagumpay ang
bagong-demokratikong rebolusyon! ▽**

Porum ng AFP sa eskwelahan tinutulan

SINABAYAN NG PROTESTA ng mga progresibong organisasyon sa Polytechnic University of the Philippines (PUP), sa pangunguna ng alyansang SAMASA, ang isang porum ng Armed Forces of the Philippines (AFP) noong Pebrero 3, 2011. Mariing kinundena ng mga estudyante ng PUP ang ginagawang panlilinlang ng mga militar at pagtatangkang pumasok sa pamantasan.

Diumano, ang porum ng Civilian Military Operations (CMO) Battalion ng AFP ay para sa job description ng mga estudyante sa kolehiyo ng Pangangalakal sa PUP. Ngunit sa power point presentation ng CMO ay nakalista ang maraming mga legal at progresibong organisasyon na diumano ay mga direktang nagrerekruta ng mga NPA. Dagdag pa dito, pinigilan ng militar ang pagtatanong ni Jynell Sibayan, Pangkalahatang Kalihim ng League of Filipino Students-PUP tungkol sa mga bidyo na pinalalabas.


Iginiit ng mga lider-estudyante na itigil ang aktibidad dahil mapanlinlang at ilegal ito. Napag-alaman na walang permit galing sa Presidente ng PUP ang mga militar, ayon kay Student Regent Sheryl Alapad. Matatandaan na ipinagbabawal sa Enrile-Sotto Accord at sa Prudente-Ramos Accord ang pagpasok ng

mga pulis at militar nang 50 metro sa anumang eskwelahan upang pangalangan ang kalayaang pang-akademya at kaligtasan.

"Ang ganitong mga porum ay patunay na pagpapatuloy sa bagong rehimeng US-Aquino ang kontra-mamamayang polisiya ng nagdaang rehimen," ani Sibayan. Kabilang

ang mga kabataan sa mahigit 1000 mga ordinaryong mamamayan at akibista na biniktima ng Oplan Bantay Laya I at Oplan Bantay Laya II ng nakaraang rehimen ni Arroyo.

"Damitan man ng bagong pangalan na Oplan Bayanihan, malinaw na tinatarget ng rehimeng US-Aquino hindi lamang rebolusyonaryong pwersa kundi maging ang mga ligal na organisasyon ng mamamayan, at ang sistematikong psy-war sa mga komunidad. Hindi namin ito mapapayagan na magpatuloy, lalo na sa aming pamantasan." ▽



Agarang pagpapalaya kay Ericson Acosta ipinanawagan

NANAWAGAN ANG KABATAANG Artista Para Sa Tunay Na Kalayaan (KARATULA), Alay Sining, Stand UP, Philippine Collegian at iba pang mga organisasyon at kaibigan sa agaran at walang-kundisyong pagpapalaya kay Ericson Acosta. Si Acosta, 37, aktibista, manggagawang pangkultura at dating lider-estudyante, ay iligal na inaresto ng mga elemento ng 34th IB sa Barangay Bay-ang, San Jorge, Samar bandang alas-10 ng umaga noong Pebrero 13.


Ayon sa mga ulat, pasakay noon si Acosta sa isang bangkang de-motor pangtungong bayan ng San Jorge ng probinsiya ng Samar nang siya'y biglang dinampot ng militar. Nakuha sa kanya ang ilang personal na gamit at pera. Tatlong araw siyang ikinulong sa kampo-militar, isinailalim sa walang tigil na interogasyon at pilit na pagpapaamin na siya raw ay di-

umano lider ng CPP-NPA-NDF. Dalawang araw siyang incommunicado. Ayon mismo kay Acosta, sa ilang araw na detensyon ay halos dalawang oras lang ang kanyang tulog at pinabulaanan na may dala siyang granada, taliwas sa akusasyon ng militar. Siya'y sinampahan ng kasong kriminal sa Regional Trial Court Branch 41-Gandara. Nakakulong si Acosta sa provincial jail sa Samar sa kasalukuyan.

Si Acosta ay dating editor ng Philippine Collegian sa UP Diliman noong 1993 at naging kasapi ng pangkulturang organisasyon at alyansa ng mga estudyante. Isa rin siya sa mga nagsulat ng mga kantang popular sa kilusang kabataan hanggang ngayon tulad ng "Haranang Bayan," "Dahil," "Magsasama, Magsasama" at iba pa.

Ayon kay Ana Tarina Lulu, tagapangulo ng KARATULA, hindi makatarungan ang pag-aresto kay Acosta at malinaw na ito ay paglabag sa kanyang karapatang pantao. Kinundina ng KARATULA ang panibagong pananalanta ng pasismo ng rehimeng US-Aquino sa mamamayan at nanawagan para sa pagpapalaya ng lahat ng detinidong pulitikal. ▽

Patuloy na komersyalisasyon ng edukasyon tinutulan



SUMUGOD ANG MGA kabataan sa pangunguna ng National Union of Students in the Philippines (NUSP), nitong Marso 4 sa pambansang tanggapan ng Commission on Higher Education (CHED) upang tutulan ang walang tigil na pagtaas ng matrikula sa mga pribado at pampublikong pamantasan.

budyet sa edukasyon sa mga pampublikong pamantasan. Nanawagan din sila ng paglalabas ng moratorium upang kontrolin ang pagtaas ng matrikula sa mga pamantasan.

Laman ng mga talumpati ang pagkondena sa papalalang komersyalisasyon ng edukasyon na naganap sa tersyaryong edukasyon, alinsunod sa neo-liberal na polisya ng rehimeng US-Aquino. Higit na tumindi ang galit ng kabataan nang iulat ni mismong CHED ay nagbitiw ng salita na pribilehiyo lang daw ang edukasyon sa kolehiyo.

Nangako ang mga kabataan na muling babalik sa CHED sa susunod na linggo para kundenahin ang pag-abandona ng estado sa sektor ng edukasyon at patuloy na pagtalima nito sa neo-liberal na polisiyang nagsisilbi lamang sa imperyalista at mga malalaking negosyanteng lokal. ▽

Sa naganap na dayalogo sa pagitan ng mga lider-estudyante at CHED Atty. Milla, nailantad ang mga iregularidad sa konsultahan hinggil sa pagtaas ng matrikula. Iginiit din ng mga estudyante ang pagbabasura sa CHED memo 13 na ginagamit ng mga kapitalista-educador upang maipatupad ng walang sagka ang mga bogus na konsultasyon sa mga eskwelahan, bukod pa dito ang kaliwa't kanang pagtaas ng mga miscellaneous fee.

Ayon kay Vanessa Faye Bolibol, Secretary General ng NUSP magtataas ng 10%-15% ang matrikula sa mga iba't-ibang pribadong pamantasan sa susunod na taon batay sa mga inisyal na datos na nakalap ng Tuition Monitor Hotline. Ang Technological Institute of the Philippines na magtataas ng 5%, Ateneo de Manila (5%), Miriam College (5%), University of the East (5%), at University of Santo Tomas (6%) ay ilan lamang sa daandaang pribadong pamantasan na nakaambang magtaas ng matrikula sa darating na pasukan sa buong bansa.

Pinasinungalingan din ng NUSP ang pangako ng Commission on Higher Education (CHED) na walang magtataas ng matrikula sa mga pampublikong pamantasan. Kabilang sa mga pamantasan na magtataas ay ang Pangasinan State

University (16%), ang Don Honorio Ventura State University (30%), at ang University of Rizal System (150%). Samantala, ang Eulo Amang Rodriguez Institute for Science and Technology ay makakaroon ng dagdag na bayarin na P500 sa developmental fee, P500 sa laboratory fee, at P500 sa hands-on fee.

Kasabay ng dayalogo, nagprotesta sa harapan ng gusali ng CHED ang iba't ibang progresibong organisasyon ng kabataan para kundenahin ang mga pagtaas ng matrikula at ipanawagan ang mas mataas na

“Mag-sipag sandata na kayo, mga taong may marangal na puso, Sobrana ang pagtitiis ng ating inangbayan!”



Emilo Jacinto
1875-1899

LIDER KABATAAN REBOLUSYONARYO MAKABAYAN